

Mas maraming scholar, target ng DOST

Eroplanong gawang Pinoy, bibida sa Science Week

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Magandang balita ang handog ng Department of Science and Technology para sa mga mag-aaral na nagnanais makakuha ng scholarship sa pamamagitan ng Push4Science: Maging DOST Scholar Ka!.

Pinalalakas ng DOST sa pamamagitan ng Science Education Institute (DOST-SEI) ang kampanya para sa mga aplikasyon sa scholarship upang magkaroon sila ng isang scholar kada bayan.

Ang kakulangan sa impormasyon para sa mga scholarship grant ng pamahalaan gaya ng Republic Act 7687 at Merit Scholarship ay ang kadalasang isinasangguni ng mga mamamayan mula pa sa mga malalayong bayan ng bansa.

Ayon kay DOST-SEI Director Josette Biyo, "We really have to go there and talk to high school students from these municipalities so we can inspire them in science and convince them to pick science as field of study and do so by being DOST Scholars."

Mula 2010 hanggang 2012, mayroong 329 munisipalidad ang walang scholar. Pitumput-isa dito ay wala kahit isang aplikante para sa scholarship na maaaring resulta ng kakulangan ng kaalaman sa mga programa ng pamahalaan o maaaring dahil na rin sa kalayuan at katayuan sa buhay.

sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

Larawanews	p2
Serbisyo ng pamahalaan, pagbabutihin ng E-Government	p3
"Pinggang Pinoy," ang gabay sa tamang pagkain	p3
NSTW'&\$('C dYb]b[Dfc[fUa	p4

Ni Joy M. Lazcano at Yannie Valmero
S&T Media Service, DOST-STII

Isasapubliko ng Department of Science and Technology (DOST) ang kauna-unahang locally-assembled na RP-S512 na eroplano sa pagdiriwang ng 2014 National Science and Technology Week sa 24-28 Hulyo sa SMX Convention Center, SM Mall of Asia, Pasay City.

Ang two-seater, light sport na eroplano ay madaling paliparin at itabi sa mga mas maliliit na hangar sapagkat ang mga pakpak nito ay maaaring tanggalin.

Ayon kay G. Arturo "Art" Rivera IV ng Omni Aviation, Inc., ang kumpanya sa likod ng RP-S512, ang locking system ng eroplano ay halintulad sa mga nasa merkado na subok at epektibo. Kanyang ipinakita na sa pamamagitan ng paghila ng isang pares ng pin na makikita sa likod ng mga upuan, ang mga pakpak nito ay matatanggal ng dalawang tao lamang.

Ang sistemang ito ay sadyang idinisenyo upang ang control at wiring connection ay awtomatiko nang magkasama. Mahalaga rin na kapag ang mga pakpak nito ay hindi maayos

na nakakabit, ang makina nito ay hindi aandar.

Maliban dito, ang eroplano ay pinatatakbo ng 100-horsepower na makina at umaandar sa pamamagitan ng unleaded gasoline lamang. Dahil dito, masasabing mas matipid ang paggamit ng ganitong eroplano kaysa sa mga kahalintulad na modelo. At sa konting modipikasyon, ang RPS512 ay maaaring tumakbo gamit ang ethanol.

Samantala, inihayag ni Capt. William "Bill" Wright, Omni consultant para sa RP-S512 na proyekto na hinihintay na lamang ang sertipikasyon mula sa Civil Aviation of the Philippines. Dagdag pa niya na nakarating na ang eroplano sa Cavite, maging sa Lingayen, Pangasinan para sa test flight nito.

Ang proyektong ito ay pinangungunahan ng Philippine Council for Industry, Energy, and Emerging Technologies Research and Development (DOST-PCIEERD) at Metals Industry Research and Development Center

sundan sa pahina 2



Ang RP-S512, isang locally-assembled light sport na eroplano na maaaring tanggalin ang mga pakpak nito.

Mas maraming scholar, target ng DOST

Eroplanong gawang Pinoy, bibida sa Science Week

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Magandang balita ang handog ng Department of Science and Technology para sa mga mag-aaral na nagnanais makakuha ng scholarship sa pamamagitan ng Push4Science: Maging DOST Scholar Ka!.

Pinalalakas ng DOST sa pamamagitan ng Science Education Institute (DOST-SEI) ang kampanya para sa mga aplikasyon sa scholarship upang magkaroon sila ng isang scholar kada bayan.

Ang kakulangan sa impormasyon para sa mga scholarship grant ng pamahalaan gaya ng Republic Act 7687 at Merit Scholarship ay ang kadalasang isinasangguni ng mga mamamayan mula pa sa mga malalayong bayan ng bansa.

Ayon kay DOST-SEI Director Josette Biyo, "We really have to go there and talk to high school students from these municipalities so we can inspire them in science and convince them to pick science as field of study and do so by being DOST Scholars."

Mula 2010 hanggang 2012, mayroong 329 munisipalidad ang walang scholar. Pitumput-isa dito ay wala kahit isang aplikante para sa scholarship na maaaring resulta ng kakulangan ng kaalaman sa mga programa ng pamahalaan o maaaring dahil na rin sa kalayuan at katayuan sa buhay.

sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

Larawanews	p2
Serbisyo ng pamahalaan, pagbabutihin ng E-Government	p3
"Pinggang Pinoy," ang gabay sa tamang pagkain	p3
NSTW 2014 Opening Program	p4

Ni Joy M. Lazcano at Yannie Valmero
S&T Media Service, DOST-STII

Isasapubliko ng Department of Science and Technology (DOST) ang kauna-unahang locally-assembled na RP-S512 na eroplano sa pagdiriwang ng 2014 National Science and Technology Week sa 24-28 Hulyo sa SMX Convention Center, SM Mall of Asia, Pasay City.

Ang two-seater, light sport na eroplano ay madaling paliparin at itabi sa mga mas maliliit na hangar sapagkat ang mga pakpak nito ay maaaring tanggalin.

Ayon kay G. Arturo "Art" Rivera IV ng Omni Aviation, Inc., ang kumpanya sa likod ng RP-S512, ang locking system ng eroplano ay halintulad sa mga nasa merkado na subok at epektibo. Kanyang ipinakita na sa pamamagitan ng paghila ng isang pares ng pin na makikita sa likod ng mga upuan, ang mga pakpak nito ay matatanggal ng dalawang tao lamang.

Ang sistemang ito ay sadyang idinisenyo upang ang control at wiring connection ay awtomatiko nang magkasama. Mahalaga rin na kapag ang mga pakpak nito ay hindi maayos

na nakakabit, ang makina nito ay hindi aandar.

Maliban dito, ang eroplano ay pinatatakbo ng 100-horsepower na makina at umaandar sa pamamagitan ng unleaded gasoline lamang. Dahil dito, masasabing mas matipid ang paggamit ng ganitong eroplano kaysa sa mga kahalintulad na modelo. At sa konting modipikasyon, ang RPS512 ay maaaring tumakbo gamit ang ethanol.

Samantala, inihayag ni Capt. William "Bill" Wright, Omni consultant para sa RP-S512 na proyektong ito ay pinangungunahan ng Philippine Council for Industry, Energy, and Emerging Technologies Research and Development (DOST-PCIEERD) at Metals Industry Research and Development Center

sundan sa pahina 2



Ang RP-S512, isang locally-assembled light sport na eroplano na maaaring tanggalin ang mga pakpak nito.

Eroplanong gawang...
Mula sa pahina 1

(DOST-MIRDC) sa pakikipagtulungan ng Aerospace Industries Association of the Philippines (AIAP).

Ang PCIEERD ay aktibong sumusuporta sa mga high-value na teknolohiya at inisyatiba para sa industriya na nagpapalago ng lokal na kakayahan upang mailapit ang bansa sa larangan ng aerospace at aviation sa mas mataas na antas.

“Our overarching aim is to chart and bring about an environment that rewards risk-taking for Filipino entrepreneurs to invest in technology companies,” pahayag ni Dr. Rowena Cristina L. Guevara, PCIEERD Executive Director. Dagdag pa niya na target ng Council na lumago ang industriya ng paggawa sa bansa sa taong 2016.

“Here’s hoping that if our plans don’t miscarry,” aniya. “We can look forward to a bright future for the aerospace sector. The sky’s the limit.”

Mas maraming ...
Mula sa pahina 1

Mula pa noong Pebrero ng taong ito, ang pangkat ng Push4Science ay nagsasagawa na ng mga pina-igting na scholarship caravan sa mga target na bayan. Narating nito ang mga bayan ng Baras sa Catuanuanes; Burgos, San Benito, at San Isidro sa Siargao Island; Adams at Dumalneg sa Ilocos Norte, at Burgos, Quirino, San Emilio, Sugpon at Banayoyo sa Ilocos Sur.

Samantala, ang mga probinsya ng Abra, Isabela, Nueva Ecija, Tarlac, Pangasinan, Masbate, Palawan, Antique, Misamis Occidental, Davao Oriental, at Saranggani ay nakatakdang bisitahin ng Push4Science sa mga susunod na buwan. Ang iba pang mga bayan ay maaaring puntahan sa pamamagitan ng DOST Regional Office at mga Provincial Science and Technology Center.

Maliban dito, ang DOST-SEI ay nakikipagtulungan sa mga lokal na pamahalaan upang maitatag ang mekanismo upang maihatid ang mga potensyal na scholar sa mga testing center sapagkat ang ilan ay malayo ang kailangang labkayin upang makarating dito.

Ang mga bayan ng Adams sa Ilocos Norte, na isang 5th class town na matatagpuan sa kabundukan, ay kinakailangan ng apat hanggang limang oras ng pagbiyahe papuntang Batac. Ang kakulangan ng mga pampublikong sasakyan ay isa sa mga suliranin ng mga mag-aaral.

Kaya naman ang Push4Science ay sinisiguro ang pakikipagtulungan ng mga LGU.

“Providing a vehicle for the submission of application forms and during the examination day is already a huge gesture of belief from the local leaders that their kids can make it as DOST Scholars,” pahayag ni Dr. Biyo. “That will help us achieve our goal not just of having applicants and scholars but ultimately of developing scientists and engineers in these areas.”

Para sa karagdagang impormasyon hinggil sa Push4Science: Maging DOST Scholar Ka! At ang iba pang programa ng DOST, maari lamang na bisitahin ang 2014 National Science and Technology Week sa 24-28 Hulyo sa SMX Convention Center, SM Mall of Asia, Pasay City. (*Impormasyon mula kay Marco D. Melgar, DOST-SEI*)

LarawaNEWS



Science Nation sa kalunsuran. Pinangunahan ni Dr. Aristotle P. Carandang ng Department of Science and Technology-Science and Technology Information Institute (DOST-STII) ang pagbisita sa Lungsod ng Taguig para sa flag ceremony noong nakaraang Hulyo 14, 2014, upang personal na imbitahin ang mga empleyado ng City Hall sa 2014 National Science and Technology Week (NSTW) mula Hulyo 24-28 sa SMX Convention Center, SM Mall of Asia. Ang nasabing pagbisita sa mga pangunahing tanggapan ng pamahalaan ay bahagi ng pagdiriwang ng NSTW na pinamagatang “Philippines: A Science Nation Meeting Global Challenges.” Ang taunang pagdiriwang ay nagpapakita ng mga pinakahuling teknolohiya at programa ng DOST para sa industriya ng paggawa, SME, human resource capability, e-governance, at disaster preparedness.

ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD
Editor-in-Chief

JOY M. LAZCANO
Copy Editor

JAMES B. INTIA
Layout

JUDITH L. SABLAN
Proofreader

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148

Serbisyo ng pamahalaan, pagbubutihin ng E-Government

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Inaasahang gaganda ang mga serbisyo ng pamahalaan kapag nakumpleto na ang flagship project ng pamahalaan na Integrated Government Philippines o iGovPhil sa susunod na taon.

Ayon kay Department of Science and Technology Undersecretary at executive director ng Information and Communications Technology Office (DOST-ICT Office) Louis Napoleon Casambre, malapit nang makumpleto ang fiber optic na kukunekta sa may 160 na tanggapan ng pamahalaan upang mabigyan sila ng mabilis na communication. Kaunti na lamang na paghihitay at matatapos na ang pagkakabit ng mga kable mula sa mga tanggapan papunta sa main data center. Mayroon ding kahalintulad na proyekto sa Cebu ang kukunekta sa may 12 ahensiya ng pamahalaan at inaasahang magiging online ito sa pagtatapos ng taon.

Ayon pa kay Casambre, ang pagkakaroon ng fiber optic technology ay magbibigay sa pamahalaan ng kakayahang makapagbigay ng iba pang mga serbisyo tulad ng cloud computing, data center co-location, web hosting, document and records management, email, at online security.



Layon ng iGovPhil na patatagin ang serbisyo ng pamahalaan sa pamamagitan ng ICT.

“Cloud computing, for instance, will be difficult to implement without broadband connectivity,” pahayag ni Casambre. Ang fiber optic network ay isa sa mga bahagi ng iGovPhil na kung saan ito ay nagbibigay ng tinatawag na “whole government” approach sa e-governance o ang pagkakabuklod-buklod ng lahat ng mga ahensiya ng pamahalaan tungo sa isang layon.

Ang pagbibigay ng maayos na serbisyo publiko ang pinakaprioridad ng pamahalaan. Ito rin ang layunin ng inilunsad ng pamahalaan ang e-Government Master Plan (eGMP) noong

nakaraang taon na nagnanais na patatagin ang ICT bilang behikulo sa pag-unlad ng bansa.

Sa pamamagitan ng proyekto, layon ng DOST na ilagak lamang sa isang portal ang mga serbisyo ng pamahalaan at gawing simple ang mga ito upang makapagbigay ng mas magandang serbisyo sa publiko.

Kasama ring dinidebelop ang mga land, vehicle, business, at citizen registration. Kabilang sa citizen registration ang SSS, GSIS, NBI, DFA, at iba pa. (Impormasyon mula kay Hernan S. Melencio, S&T Media Service, DOST-ICTO)

“Pinggang Pinoy,” ang gabay sa tamang pagkain

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Inaasahang darami ang Filipino ng **overweight at bilang ng magkakaroon ng hypertension dahil sa hindi malusog na pamumuhay, iyan ang mensahe ng Food and Nutrition Research Institute ng Department of Science and Technology (DOST-FNRI) hinggil sa pagdami ng bilang ng mga obese sa bansa.**

Ito ay ipinahayag ng DOST-FNRI kasabay ng paglulunsad ng mga visual tools for healthy eating, isang seminar series sa Food and Nutrition Research sa tanggapan nito sa DOST Compound, Bicutan, Lungsod ng Taguig.

Ang serye na pinamagatang “Pinggang Pinoy,” ay ang pinakabagong kagamitan na magsisilbing blueprint para sa pagpapalano ng malusog at balanseng pagkain. Ito ay isang mabilis at madaling gabay sa tamang pagkain. Ang Pinggang Pinoy ay hindi pamalit sa Daily Nutritional Guide (DNG) Pyramid na mula rin



sa DOST-FNRI para sa mga Filipino.

Para sa kaalaman ng nakararami, ang Pyramid ang nagbibigay-rekomendasyon para sa kinakailangang pagkain sa pang-araw-araw. Ito ay isang simple at pinag-aralang paraan ng pagpapanatiling malusog ang pangangatawan

sa pamamagitan ng tamang ehersisyo at pag-inom ng tubig.

Ayon sa Pyramid, ang pagkain ng mas maraming gulay, whole grain at pagbabawas ng pagkain ng karne, matatamis at matatabang pagkain ay ang tamang gawain upang mapanatiling malusog.

At dahil sanay ang mga Filipino ng kumain sa isang plato, ito ay tinawag na “Pinggang Pinoy,” isang konsepto ng malusog at tamang pagkain para sa mga Filipino.

Para sa karagdagang impormasyon hinggil sa Pinggang Pinoy at ang iba pang programa ng DOST, maari lamang na bisitahin ang 2014 National Science and Technology Week sa 24-28 Hulyo sa SMX Convention Center, SM Mall of Asia, Pasay City. (Impormasyon mula kay Divorah V. Aguila, S&T Media Service, DOST-FNRI)

**ADMISSION
IS FREE**

2014 NATIONAL SCIENCE & TECHNOLOGY WEEK

July 24-28, 2014,
SMX Convention Center, Mall of Asia, Pasay City

SCIENCE NATION

Philippines: A Science Nation Meeting Global Challenges

exhibits • events • inventions • exhibits • events • inventions • exhibits • events • inventions

REMOTE SENSING SCIENCE, TECHNOLOGY & INNOVATION
INVENTIONS

OPENING CEREMONIES

24 July 2014

Date	Activity	Place/Venue
9:00 - 12:00 nn	Opening Ceremonies/Opening of Exhibits	Main Stage, SMX, Pasay City
11:00 - 12:30 nn	GMA's IM Ready	Outcome 8 Pavillon, SMX, Pasay City
11:00 - 12:00 nn	Press Conference	Meeting Rms. 2 & 3, SMX, Pasay City
1:00 - 5:00 pm	9 th Knowledge Exchange Conference	Main Stage, SMX, Pasay City
1:00 - 5:00 pm	Scientific Forum on Emerging Technologies	Forum Hall 1, SMX, Pasay City
1:00 - 5:00 pm	Drugs and Diagnostics Forum	Forum Hall 2, SMX, Pasay City
2:00 - 5:00 pm	ASEAN Integration in 2015	Meeting Rms. 7 & 8, SMX, Pasay City
2:00 - 5:00 pm	Pinoy Rice on the Rise	Outcome 1 Pavillon, SMX, Pasay City
5:00 - 6:00 pm	Speed Networking Session	Forum Hall 1, SMX, Pasay City
5:00 - 7:00 pm	Stakeholders' Night	Main Stage, SMX, Pasay City



Department of Science and Technology

Eroplanong gawang...
Mula sa pahina 1

(DOST-MIRDC) sa pakikipagtulungan ng Aerospace Industries Association of the Philippines (AIAP).

Ang PCIEERD ay aktibong sumusuporta sa mga high-value na teknolohiya at inisyatiba para sa industriya na nagpapalago ng lokal na kakayahan upang mailapit ang bansa sa larangan ng aerospace at aviation sa mas mataas na antas.

“Our overarching aim is to chart and bring about an environment that rewards risk-taking for Filipino entrepreneurs to invest in technology companies,” pahayag ni Dr. Rowena Cristina L. Guevara, PCIEERD Executive Director. Dagdag pa niya na target ng Council na lumago ang industriya ng paggawa sa bansa sa taong 2016.

“Here’s hoping that if our plans don’t miscarry,” aniya. “We can look forward to a bright future for the aerospace sector. The sky’s the limit.”

Mas maraming ...
Mula sa pahina 1

Mula pa noong Pebrero ng taong ito, ang pangkat ng Push4Science ay nagsasagawa na ng mga pina-igting na scholarship caravan sa mga target na bayan. Narating nito ang mga bayan ng Baras sa Catuanuanes; Burgos, San Benito, at San Isidro sa Siargao Island; Adams at Dumalneg sa Ilocos Norte, at Burgos, Quirino, San Emilio, Sugpon at Banayoyo sa Ilocos Sur.

Samantala, ang mga probinsya ng Abra, Isabela, Nueva Ecija, Tarlac, Pangasinan, Masbate, Palawan, Antique, Misamis Occidental, Davao Oriental, at Saranggani ay nakatakdang bisitahin ng Push4Science sa mga susunod na buwan. Ang iba pang mga bayan ay maaaring puntahan sa pamamagitan ng DOST Regional Office at mga Provincial Science and Technology Center.

Maliban dito, ang DOST-SEI ay nakikipagtulungan sa mga lokal na pamahalaan upang maitatag ang mekanismo upang maihatid ang mga potensyal na scholar sa mga testing center sapagkat ang ilan ay malayo ang kailangang lakbayin upang makarating dito.

Ang mga bayan ng Adams sa Ilocos Norte, na isang 5th class town na matatagpuan sa kabundukan, ay kinakailangan ng apat hanggang limang oras ng pagbiyahe papuntang Batac. Ang kakulangan ng mga pampublikong sasakyan ay isa sa mga suliranin ng mga mag-aaral.

Kaya naman ang Push4Science ay sinisiguro ang pakikipagtulungan ng mga LGU.

“Providing a vehicle for the submission of application forms and during the examination day is already a huge gesture of belief from the local leaders that their kids can make it as DOST Scholars,” pahayag ni Dr. Biyo. “That will help us achieve our goal not just of having applicants and scholars but ultimately of developing scientists and engineers in these areas.”

Para sa karagdagang impormasyon hinggil sa Push4Science: Maging DOST Scholar Ka! At ang iba pang programa ng DOST, maari lamang na bisitahin ang 2014 National Science and Technology Week sa 24-28 Hulyo sa SMX Convention Center, SM Mall of Asia, Pasay City. (*Impormasyon mula kay Marco D. Melgar, DOST-SEI*)

LarawaNEWS



Science Nation sa kalunsuran. Pinangunahan ni Dr. Aristotle P. Carandang ng Department of Science and Technology-Science and Technology Information Institute (DOST-STII) ang pagbisita sa Lungsod ng Taguig para sa flag ceremony noong nakaraang Hulyo 14, 2014, upang personal na imbitahin ang mga empleyado ng City Hall sa 2014 National Science and Technology Week (NSTW) mula Hulyo 24-28 sa SMX Convention Center, SM Mall of Asia. Ang nasabing pagbisita sa mga pangunahing tanggapan ng pamahalaan ay bahagi ng pagdiriwang ng NSTW na pinamagatang “Philippines: A Science Nation Meeting Global Challenges.” Ang taunang pagdiriwang ay nagpapakita ng mga pinakahuling teknolohiya at programa ng DOST para sa industriya ng paggawa, SME, human resource capability, e-governance, at disaster preparedness.

ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD
Editor-in-Chief

JOY M. LAZCANO
Copy Editor

JAMES B. INTIA
Layout

JUDITH L. SABLAN
Proofreader

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148

Serbisyo ng pamahalaan, pagbubutihin ng E-Government

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Inaasahang gaganda ang mga serbisyo ng pamahalaan kapag nakumpleto na ang flagship project ng pamahalaan na Integrated Government Philippines o iGovPhil sa susunod na taon.

Ayon kay Department of Science and Technology Undersecretary at executive director ng Information and Communications Technology Office (DOST-ICT Office) Louis Napoleon Casambre, malapit nang makumpleto ang fiber optic na kukunekta sa may 160 na tanggapan ng pamahalaan upang mabigyan sila ng mabilis na communication. Kaunti na lamang na paghihitay at matatapos na ang pagkakabit ng mga kable mula sa mga tanggapan papunta sa main data center. Mayroon ding kahalintulad na proyekto sa Cebu ang kukunekta sa may 12 ahensiya ng pamahalaan at inaasahang magiging online ito sa pagtatapos ng taon.

Ayon pa kay Casambre, ang pagkakaroon ng fiber optic technology ay magbibigay sa pamahalaan ng kakayahang makapagbigay ng iba pang mga serbisyo tulad ng cloud computing, data center co-location, web hosting, document and records management, email, at online security.



Layon ng iGovPhil na patatagin ang serbisyo ng pamahalaan sa pamamagitan ng ICT.

“Cloud computing, for instance, will be difficult to implement without broadband connectivity,” pahayag ni Casambre. Ang fiber optic network ay isa sa mga bahagi ng iGovPhil na kung saan ito ay nagbibigay ng tinatawag na “whole government” approach sa e-governance o ang pagkakabuklod-buklod ng lahat ng mga ahensiya ng pamahalaan tungo sa isang layon.

Ang pagbibigay ng maayos na serbisyo publiko ang pinakaprioridad ng pamahalaan. Ito rin ang layunin ng inilunsad ng pamahalaan ang e-Government Master Plan (eGMP) noong

nakaraang taon na nagnanais na patatagin ang ICT bilang behikulo sa pag-unlad ng bansa.

Sa pamamagitan ng proyekto, layon ng DOST na ilagak lamang sa isang portal ang mga serbisyo ng pamahalaan at gawing simple ang mga ito upang makapagbigay ng mas magandang serbisyo sa publiko.

Kasama ring dinidebelop ang mga land, vehicle, business, at citizen registration. Kabilang sa citizen registration ang SSS, GSIS, NBI, DFA, at iba pa. (Impormasyon mula kay Hernan S. Melencio, S&T Media Service, DOST-ICTO)

“Pinggang Pinoy,” ang gabay sa tamang pagkain

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Inaasahang darami ang Filipino ng **overweight at bilang ng magkakaroon ng hypertension dahil sa hindi malusog na pamumuhay, iyan ang mensahe ng Food and Nutrition Research Institute ng Department of Science and Technology (DOST-FNRI) hinggil sa pagdami ng bilang ng mga obese sa bansa.**

Ito ay ipinahayag ng DOST-FNRI kasabay ng paglulunsad ng mga visual tools for healthy eating, isang seminar series sa Food and Nutrition Research sa tanggapan nito sa DOST Compound, Bicutan, Lungsod ng Taguig.

Ang serye na pinamagatang “Pinggang Pinoy,” ay ang pinakabagong kagamitan na magsisilbing blueprint para sa pagpapalano ng malusog at balanseng pagkain. Ito ay isang mabilis at madaling gabay sa tamang pagkain. Ang Pinggang Pinoy ay hindi pamalit sa Daily Nutritional Guide (DNG) Pyramid na mula rin



sa DOST-FNRI para sa mga Filipino.

Para sa kaalaman ng nakararami, ang Pyramid ang nagbibigay-rekomendasyon para sa kinakailangang pagkain sa pang-araw-araw. Ito ay isang simple at pinag-aralang paraan ng pagpapanatiling malusog ang pangangatawan

sa pamamagitan ng tamang ehersisyo at pag-inom ng tubig.

Ayon sa Pyramid, ang pagkain ng mas maraming gulay, whole grain at pagbabawas ng pagkain ng karne, matatamis at matatabang pagkain ay ang tamang gawain upang mapanatiling malusog.

At dahil sanay ang mga Filipino ng kumain sa isang plato, ito ay tinawag na “Pinggang Pinoy,” isang konsepto ng malusog at tamang pagkain para sa mga Filipino.

Para sa karagdagang impormasyon hinggil sa Pinggang Pinoy at ang iba pang programa ng DOST, maari lamang na bisitahin ang 2014 National Science and Technology Week sa 24-28 Hulyo sa SMX Convention Center, SM Mall of Asia, Pasay City. (Impormasyon mula kay Divorah V. Aguila, S&T Media Service, DOST-FNRI)

**ADMISSION
IS FREE**

2014 NATIONAL SCIENCE & TECHNOLOGY WEEK

July 24-28, 2014,
SMX Convention Center, Mall of Asia, Pasay City

SCIENCE NATION

Philippines: A Science Nation Meeting Global Challenges

exhibits • events • inventions • exhibits • events • inventions • exhibits • events • inventions

REMOTE SENSING SCIENCE, TECHNOLOGY & INNOVATION
INVENTIONS

OPENING CEREMONIES

24 July 2014

Date	Activity	Place/Venue
9:00 - 12:00 nn	Opening Ceremonies/Opening of Exhibits	Main Stage, SMX, Pasay City
11:00 - 12:30 nn	GMA's IM Ready	Outcome 8 Pavillon, SMX, Pasay City
11:00 - 12:00 nn	Press Conference	Meeting Rms. 2 & 3, SMX, Pasay City
1:00 - 5:00 pm	9 th Knowledge Exchange Conference	Main Stage, SMX, Pasay City
1:00 - 5:00 pm	Scientific Forum on Emerging Technologies	Forum Hall 1, SMX, Pasay City
1:00 - 5:00 pm	Drugs and Diagnostics Forum	Forum Hall 2, SMX, Pasay City
2:00 - 5:00 pm	ASEAN Integration in 2015	Meeting Rms. 7 & 8, SMX, Pasay City
2:00 - 5:00 pm	Pinoy Rice on the Rise	Outcome 1 Pavillon, SMX, Pasay City
5:00 - 6:00 pm	Speed Networking Session	Forum Hall 1, SMX, Pasay City
5:00 - 7:00 pm	Stakeholders' Night	Main Stage, SMX, Pasay City



Department of Science and Technology